SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 03, 2025, LUNES, IKA-10:00 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO: *Dumalo sa Public Consultation ng SCWD at Prime Water*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 25 MAR 2025

OFFICE OF THE SANGGUNIAN RELEASED NAME DATE 25 MAR 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 071-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2025 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGPAPALIT NG PROYEKTONG CONSTRUCTION OF DRAINAGE CANAL UPANG GAWING CONSTRUCTION OF ELEVATED ROAD IN SITIO 6, BRGY. SANTO ANGEL SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYONG PISO (P1,000,000.00).**

**SAPAGKAT,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 1-T2025 ng Municipal Development Council (MDC) na nagpapalit ng proyektong Construction of Drainage Canal upang gawing Construction of Elevated Road ni Sitio 6, Brgy. Santo Angel Sur na nagkakahalaga ng P1,000,000.00;

**SAPAGKAT,** ito ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Pagawaing Bayan, Inpraestraktura at Elektripikasyon para sa pagsusuri;

**SAPAGKAT,** layunin ng Sangguniang Barangay ng Oogong na mapanatili ang kaayusan, katahimikan at kalusugan ng mga mamamayan sa nasabing barangay;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral at pagsusuri at malaman na ang nasabing pagpapalit ng proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng barangay at pamahalaang bayan ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T2025 ng Municipal Development Council (MDC) na nagpapalit ng proyektong Construction of Drainage Canal upang gawing Construction of Elevated Road ni Sitio 6, Brgy. Santo Angel Sur na nagkakahalaga ng P1,000,000.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Municipal Development Council, Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 03, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumanap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

3-20-25

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 25

SM25 2/11